ORTOGRAPIYANG BOÎNËN

Ortograpiyang Boînën

ORTOGRAPIYANG BOÎNËN

Karapatang-sipi © 2023 ng Kagawaran ng Edukasyon Dibisyon ng Camarines Sur, Purok ng Hilagang Buhi, Buhi Central School Campus, Translators Association of the Philippines (TAP), Inc., Boînën Orthography Writers*, at Komisyon sa Wikang Filipino

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng librong ito ang maaring sipiin o gamitin nang walang sulat na pahintulot mula sa may-akda at tagapaglathala.

Disenyo ng aklat ni Kimberly N. de Jesus

Ortograpiyang Boînën = Ortograpiyang Boînën. --
Maynila : Komisyon ng Wikang Pilipino,
[2023], c2023.
pages ; cm.

ISBN 978-621-450-308-7 (pb/bp)
ISBN 978-621-450-309-4 (PDF)

1. Bikol language—Orthography and spelling.
2. Bikol language—Study and teaching. I. Title.

499.21581 PL5581 2023 P320230141

* Makikita ang listahan ng mga miyembro ng BOW sa pahina 101.

Inilathala ng

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
Gusaling Watson, 1610 Kalye J. P. Laurel,
San Miguel, 1005 Maynila
Tel. (02) 899-606-70
komfil.gov.ph • www.kwf.gov.ph

MGA LËËG

Mga Nilalaman

1 **MINSAT**
Mensahe

31 **PAMÔNANG SASABIYËN**
Paunang Salita

33 **GRAFEMA**
Grafema

49 **SILABA AG PAGSILABA**
Pantig at Palapantigan

59 **ISPILING NA PASÂWËD**
Pagbaybay na Pabigkas

65 **ISPILING NA PASORAT**
Pagbaybay na Pasulat

73 **KAMBAL-PATONOG**
Kambal-Patinig

83 **MGA GAMIT NIYANA GITLING**
Mga Gamit ng Gitling

87 **MGA GAMIT NIYANA TULDIK**
Mga Gamit ng Tuldik

99 **ANA PAGBILOG NIYANA ORTOGRAPIYANG BOÎNËN**
Ang Pagbuo ng Ortograpiyang Boînën

103 **ISTORYA NIYANA PAGBILOG NIYADING ORTOGRAPIYANG BOÎNËN**
Kuwento sa Pagbuo ng Ortograpiyang Boînën

121 **SARIGAN NIN SASABIYËNG PANG-AGIN**
Mga Batayang Salita para sa Bata

129 **APENDIKS**
Apendiks

MINSAT

PAMBOKAS NA MINSAT

Pinagisabi na ana panitikan ësad na panalmingan niyana boway. Kin ono ana nakasorat didi nakakaagid man sa mga nangyayari sa banwaan. Kaiba sa panorat, ana mga rawitdawit, istorya, alamat, mito, epiko, ag iba pa. Ana mga Buhînën mayaman niyadi, dâîl ta kadakël nirang inagiyan sa boway na naisorat nira sa mga sasabiyën na minsan nganî, bëkë tâàl sa sakanda. Kayâ, ësad na dakëǵëng oportonidad ana maisorat adi sa ortograpiya na masasabi na sadiri ta, ana Boînën.

Ana sasabiyën Boînën konsidirado na naiiba kawasâ dipisil ading sâwëdën, niyana mga tâòng dayo didi sa Banwaan na Buhi. Lain pa niyadi, naiiba man ana pagisorat, ta agko iba-ibang *tuldik* sa sasabiyën na lâkadipisil diidiyën. Dara niyading programa niyana *Kagawaran ng Edukasyon*, ana bâgong *K to 12 Curriculum*, nagkaagko adi mga kontikstowalisasyon, lokalisasyon, ag indidyinisasyon. Nagkaagko man nin maiwas na kagostowan o pagmâwët niyadto ana lambang mga paratorô na makagibo niyana *working orthography* (na indî pa aprobado niyana Komisyon sa Wikang Filipino [KWF]). Kaya adi man, nagsirbing ësad na dakëgëng pag-angat man sa sâkën bilang sopirbisor, niyading Buhi North District na mapangyari adi tanganing magkaagko nin lîîtimong ortograpiya. Dâîl niyadi pinagmaigëtan kong mabilog ana gropo nin mga parasorat na maostik sa Boînën na pagplanowan ag gibowën ading *Ortograpiyang Boînën*. Adi binilog tanganing magin madalî ana pagitorô niyana *Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE)* poon sa *Kinder*, *Grades* I, II, ag III. Ësad pang rason niyadi para maging giya adi niyana mga parabasa, parasorat, kompositor, ag tagabalyong-sasabiyën (*translator*) sa paggamit nin Boînën. Napadalî ading gibong adi sa tabang niyana Lokal na Gobyirno niyana Buhi sa pamamayo ni Mayora Margarita M. Aguinillo, ag niyana mga kaiba sa Translators Association of the Philippines (TAP). Sira ana nagtao nin liwanag ag naggiya sa pagbilog niyana librong *Ortograpiyang Boînën*. Amo man adi ana kinalowasan niyo mga pagpagal, pagmaigët, ag pagtiyaga sa mga prosisong inagiyan niyading konsoltasyon, pagpapatonay, pagbiripika, ag sonod-sonod na pagpakaray tanganing mapaoyay ag mapayaman ana ortograpiya tangani ading mas maakô.

MENSAHE

PANIMULANG MENSAHE

Sinasabing ang panitikan ay salamin ng buhay. Kung ano ang nakasulat dito ay naayon din kong ano ang nangyayari sa pamayanan. Kabilang sa panulat ang mga tula, kuwento, alamat, mito, epiko, at iba pa. Ang mga Buhînën ay mayaman sa panitikan sapagkat maraming karanasan sila sa buhay na kanilang isinulat sa wikang minsan ay banyaga sa kanila. Kaya, isang malaking pagkakataon ang maisulat ito sa ortograpiya ng masasabing sariling atin, ang Boînën.

Ang wikang Boînën ay maitituring na kakaiba sapagkat mahirap itong bigkasin, ng mga taong dayo sa Bayan ng Buhi. Bukod nito, kakaiba rin ang pagsulat, sapagkat may iba-ibang tuldik sa salita at mahirap baybayain. Bunsod ng program ng Kagawaran ng Edukasyon, ang bagong kurikulum na K to 12, ay nagkaroon ng mga kontekstuwalisasyon, lokalisasyon, at indigenisasyon. Nagkaroon din ng malawakang pagnanais o hangarin noon ang bawat guro na makabuo ng *working orthography* (na hindi pa aprobado ng Komisyon sa Wikang Filipino [KWF]). Kaya naman, ito'y nagsilbing isang malaking hamon din sa akin bilang tagamasid pampurok, nitong Hilagang Purok ng Buhi na matupad ito na magkaroon ng lihitimong ortograpiya. Dahil dito sinikap kong mabuo ang pangkat ng mga manunulat na matatas sa wikang Boînën para magbalangkas at gawin itong *Ortograpiyang Boînën*. Ito ay binuo upang mapadali ang pagtuturo ng *Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE)* mula sa Kinder, Baitang I, II, at III. Isa pang dahilan ay para maging gabay ito ng mga mambabasa, manunulat, kompositor, at tagasaling-wika sa paggamit ng Boînën. Ang gawaing ito ay napadali sa pagtutulungan ng Lokal na Gobyerno ng Buhi sa pamumuno ni Mayora Margarita M. Aguinillo, at ang mga kasapi sa Translator Association of the Philippines (TAP). Sila ang mga nagbigay ng liwanag at gumabay sa pagbuo ng aklat ng *Ortograpiya* ng Boînën. Ito rin ay produkto ng mga pagod, sipag, sikap, at tiyaga sa mga prosesong dinaan nitong konsoltasyon, pagpapatutuhanan, pagberipika, at seryeng pagwawasto upang higit na mapabuti at mapayaman ang ortograpiya nang sa gayon higit itong maging katanggap-tanggap.

Bëkë man madali ana paggibo niyading libro, piro magigin solit adi kin maipalowas, ta kawasâ kaiba man didi niyo mga pangatorogan niyana kada Buhînën ag pilaom na magigin maoyay ana kalolowasan ag malinaw na masasabotan ana sasabiyën.

Sana magsirbi ading giya niyana mga paratorô sa sasabiyëng adi, mas pang mapatalobo ana Boînën ag magamit niyana ibang sanga nin gobyirno lokal tanganing mas mapaoswag ana Koltorang Buhînën. Mapadali man logod ana pag-intindi sa koltora niyana Buhi ag mapayaman pa logod nin maray ana istorya niyadi.

Sana magsirbi man logod ading inspirasyon niyana mga magigamitën niyading *Ortograpiyang Boînën* para mapararëm ana pagkaintindi sa sasabiyën ag lalô pang mamëyan.

Pimâwët namën na ana lambang nagibasa͡ën niyadi magin maogmang mag-oyon para sa positibong potoro.

Maboway ana *Ortograpiyang Boînën*!

Maboway ana mga Buhînën!

MINNIE E. TALAGUIT, PhD
Public Schools District Supervisor
Buhi North District
SY 2017–2019

Hindi man naging madali ang paggawa ng aklat na ito, pero magiging sulit naman kapag nailathala, sa dahilang kasama rito ang mga pangarap ng bawat Buhînën at inaasahang magiging maganda ang kalalabasan at malinaw na maiintindihan ang wika.

Naway magsilbing gabay ito ng mga guro sa pagtuturo ng wikang ito, mapaunlad pa lalo ang Boînën at magamit din sa iba pang mga ahensiya ng pamahalaang lokal upang lalo pang umigting ang kulturang Buhînën. Maging madali sana ang pag-unawa sa kultura ng Buhi at malinang pa lalo ang kasaysayan nito.

Sana'y magsilbi itong inspirasyon ng mga gagamit nitong *Ortograpiyang Boînën* na mas maintindihan ang wika at lalo pang mahalin.

Naway ang bawat magbabasa nito ay masayang makikiisa para sa positibong kinabukasan.

Mabuhay ang *Ortograpiyang Boînën*!

Mabuhay ang mga Buhînën!

MINNIE E. TALAGUIT, PhD
Tagamasid Pampurok
Hilagang Purok ng Buhi
SY 2017–2019

MINSAT

PAMBOKAS NA SASABIYËN

Ana sâkën na pataratara ag pagsalodo sa kadorodakëǵë ag malaoyay na ginibowan niyana mga paratorô didi sa Buhi North District.

Ana pagbilog niyana *Ortograpiyang Boînën* nakasonod sa kasogoan niyana *Republic Act No. 10533*. Amo man adi ana naging basiyan tanganing maipadagos ana implimintasyon niyana *K to 12 Basic Education Program* niyana *Department of Education*. Ana programang adi nakasintro sa mga nagiiskwila. Katoyowan man niyadi na parambongon ana sadiring koltora na agko pagrispito sa pagkakabisto sa sakanda, sigon sa *bio-geographical* ag *socio-cultural* na kinamëmëtangan niyana lambang nagiiskwila. Ana MTB-MLE gagamitën sa pagitorô sa *Kindergarten* sagkëd sa Ikatolong Grado (K-3 o K *Stage* 1). Magigin maray na basiyan man adi niyana mga paratorô sa pagigibo nin mga kagamitang pantorô, sa pag-otob niyadi.

Ana ortograpiya amo ana magisirbiyën na importanting sangkap para sa pakikipag-osip kin niiskwila, sagkëd pang-ônang gamit na *medium of teaching and learning (MOTL)* sa K *Stage* 1, sa ngâmin na *subject* apwira sa *English* ag Filipino. Sigon pa ki Ocampo ag iba pa (2006), "Ana pagigamit niyana *Mother Tongue* (*MT*) sa pagi-adal napag-isiyan na amo ana pinakamaray na paagi nin pagtolay (*bridging*) niyana pagkakatëëd sa kangâminan niyana aadalan, kaiba na niyadi ana pagparambong niyana sâtën na sasabiyën sa miaboton na panâon. Sa pagigamit niyana MT, ana mga nagiadal sa K *to* 3 matotoroan niyana sakandang mga gorang na agko mas maiwas na naiisiyan sa sadiri nirang sasabiyën na kinagimâtan. Mas madali man maintindiyan niyana mga agin ana mga aadalan sa K *to* 3, ta adi amo ana sasabiyën na sinoso nira sa mga gorang, rëngëg-rëngëg nira adi sa mga pagrarani ag mga kayamën. Rogang pa nira, ana paggamit niyana MT sa iskwilâan, nalilikayan ana pag-orootro sa grado niyana nangagiadal, ni babâ man ana nomiro niyana mga nababagsak ag nagitaas man ana porsiyinto niyana mga nakakatapos. (DO 021s. 2019, Ocampo et al., 2006; Smiths, et al., 2008).

MENSAHE

PAMBUNGAD NA PANANALITA

Ang aking pagbati at pagpugay sa napakadakila at napakagandang proyekto ng mga guro dito sa Hilagang Purok ng Buhi.

Ang pagbuo ng *Ortograpiyang Boînën* ay naayon sa kautusan ng Batas Republika Blg. 10533. Ito rin ang naging batayan upang maisakatuparan ng Kagawaran ng Edukasyon ang K to 12 Basic Education Program. Ang programang ito ay nakasentro sa mga mag-aaral. Layunin din nito na linangin ang kanilang sariling kultura na may pagmamalasakit at may paggalang sa pagkakakilanlan ng mga ito, ayon sa *bio-geographical* at *socio-cultural* na kinabibilangan ng mga mag-aaral. Ang MTB-MLE ay gagamitin sa pagtuturo mula sa *Kindergarten* hanggang Ikatlong Baitang (K-3 o K *Stage* 1). Magiging magandang basehan din ito ng mga guro sa paggawa ng kaggamitang edukasyonal, sa pagsasakatuparan nito.

Ang ortograpiya ang magsisilbing mahalagang salik pangkomunikasyon sa pag-aaral, at pangunahing gamit na *medium of teaching and learning (MOTL)* sa K *Stage* 1, sa lahat ng asignatura maliban sa English at Filipino. Ayon pa kay Ocampo et al. (2006), "Ang paggamit ng *Mother Tongue* sa pag-aaral ay napatunayan na pinaka epektibong paraan ng pagtulay (*bridging*) ng pagkatuto sa pang kalahatang kasanayang, kasama na ang pagpapayabong ng wika sa hinaharap. Sa paggamit ng MT, ang mga mag-aaral sa K *to* 3 ay matutulungan ng kanilang magulang na may mas malawak na kaalaman sa wikang kinagisnan. Mas madali ring maintindihan ng mga bata ang mga aralin sa K *to* 3, dahil ito ang wikang sinuso nila sa mga magulang at naririnig sa mga kapitbahay at mga kalaro. Dagdag pa nila, ang paggamit ng MT sa paaralan ay naiiwasan ang pag-uulit ng mag-aaral sa baitang, bumababa din ang bilang ng mga bumabagsak at tumataas naman ang antas ng mga nagsisipagtapos. (DO 021s. 2019, Ocampo et al., 2006; Smiths, et al., 2008).

Sa sâkën na sadiring pag-ërëpërëp, ana *Ortograpiyang Boînën* importanting kagamitan tanganing mapaiwas ana sadiring kaisipan para sa positibong pagkakatëëd niyana mga iskwila, mga gorang, ag iba pang namamanwaan didi sa sâtën na komonidad.

Dayaday ana sâkën na pagpaabot nin pataratara sa LGU niyana Buhi, sa TAP, KWF, Boînën Orthography Writers (BOW) niyana Buhi North District, mga namamanwaan na nagrëgëp tanganing mabilog adi, ag sa ngâmin na nagmaigët na nagtabang.

Diyos mabalos tabî sa ngâmin.

LOWEL I. BISENIO
Public Schools District Supervisor
Buhi North District
SY 2019-2020

Sa aking personal na pananaw, ang *Ortograpiyang Boînën* ay mahalagang kagamitan upang mapalawak ang sariling kamalayan para sa positibong pagkatuto ng mga mag-aaral, mga magulang, at iba pang mamamayan ng ating pamayanan.

Muli ang aking pagbati sa LGU ng Buhi, sa TAP, KWF, Boînën Orthography Writers (BOW) ng Hilagang Purok ng Buhi, mamamayang tumulong sa pagbuo nito, at ang lahat na naging bahagi ng adhikang ito.

Maraming salamat po.

LOWEL I. BISENIO
Tagamasid Pampurok
Hilagang Purok ng Buhi
SY 2019-2020

MINSAT

Apwira sa koltora o riliyon, ag iba pang pinagkakyaġan nin ësad na logar ag mga tá͡ong nakaistar didi, sa sakandang sasabiyën man sira mabibisto. Ana pagipatalobo ag pagiataman niyana sadiring dayalikto bëkë sana gibo nin ësad o nagkakapira kata͡o kindî pinagigamit adi nin kadakëlan. Sa sâtën na nasyon na kinagimâtan mantang Filipino ana mas isi niyana ngâmin, alagad kada banwaan niyadi agko man kanya-kanyang pigamit na sasabiyën. Ësad didi ana banwaan nin Buhi na agko nalalain na sadiring sasabiyën. Sa mga nakaaging pana͡on, na pinagiadalan ag tinâwan nin saysay sa paagi nin pag-adal ag pagtëgdas niyana *Ortograpiyang Boînën*. Ana sâkën na dakëġëng pasasalamat sa ngâmin na tá͡ong nagin parti ag nagtâo nin maabang pana͡on, sa pag-abri niyana daġan sa pagtëgdas niyana *Ortograpiyang Boînën*, ag para sa maingat ninyong pagbisto ag pag-adal niyadi. Sa ngaran niyana Buhi North District, ana sanggatos porsiyinto kong soporta sa sâtën na pimâwët na kapangganá͡an tanganî na mapalâwig ag padagos na mabisto niyana *Komisyon sa Wikang Filipino*. Sa pagmaigët ag pagpayabâ sa sasabiyëng Boînën niyana mga paratorô, napaiwas, napatalobô ag nagagamit ana tá͡al na sasabiyën sa pagitorô niyana mga liksyon na ipinagbalyo na, na mga aadalan didi poon sa *Kinder* sagkëd sa *Grade* 3. Kadakël man na pag-angat ana inagiyan, indî nagpatopî o nagpadaëg ana ngâmin tanganing ana kada agin na Buhînën makatëëd ag maboklat sa tá͡al na sasabiyën na ipagiorgolyo, bilang tanda niyading banwaan.

Dayaday ana sâkën na tëdëk sa bëët na pagpatara-tara ag pagpaabot nin soporta, na laomon ninyo sa mga magisonoron pang gigibowën ana manënëngëd sa pagpatalobô niyana sasabiyën na Boînën.

Salamat nin kadorodakëġë ag mabiyayang aldaw sa ngâmin.

JINA-LUZ Z. ALFELOR, EdD, PhD
Public Schools District Supervisor
Buhi North District
SY 2020 to present

MENSAHE

Maliban sa kultura, relihiyon, at ibang pagkakakilanlan ng isang lugar at mga táong nakatira dito, wika ang isa sa pagkakakilanlan nito. Ang pagpapayabong at pagpapanatili ng sariling diyalekto ay isang gawaing hindi lamang nagagawa ng iilan bagkus ito ay ginagamit ng karamihan. Sa bansa na ating sinilangan bagaman Filipino ang wikang alam ng lahat, masasabing bawat bayang bahagi nito ay may iba't ibang diyalektong ginagamit. At isa ang bayan ng Buhi na may kakaiba ngunit natatanging sariling diyalekto. Sa mga nakalipas na panahon, pinag-aralan at binigyan ng halaga sa pamamagitan ng pag-aaral at pagbuo ng *Ortograpiyang Boînën*. Sa lahat ng mga taong nasa likod na nagpasinaya at naging daan sa pagbubukas para sa masusing pagsisiyasat at pag-aaral ng *Ortograpiyang Boînën*, ang aking malugod na pasasalamat sa iyong lahat. Sa ngalan ng Purok ng Hilagang Buhi, ang aking isandaang bahagdang suporta sa ating adhika na mapalawig pa at tuluyang makilala ng Komisyon sa Wikang Filipino ay ating napagtagumpayan. Sa pagsusumikap at pagmamahal sa wikang Boînën ng kaguruan, napalawig, naging produktibo at nagagamit ang wika sa pagkatuto ng mga araling isinalin dito mula *Kinder* hanggang Baitang 3. Marami mang hamong napagdaanan hindi nagpadaig o nagpatalo ang lahat upang ang bawat batang Buhînën ay matuto at mamulat ng wikang maipagmamalaki bilang tatak nitong ating bayan.

Muli ang aking taos-pusong pagbati at pagpaabot ng suporta ay inyong asahan sa susunod na gawaing may kinalaman sa pagpapayabong ng wikang Boînën.

Maraming salamat at isang mapagpalang araw sa lahat.

JINA-LUZ Z. ALFELOR, EdD, PhD
Tagamasid Pampurok
Hilagang Purok ng Buhi
SY 2020 hanggang kasalukuyan

MINSÂT

Ôna sa ngâmin, gosto kong magtaong galang sa Máâl na Dios ag magpaabot sa ngâmin nin pirsonal na pataratara... “Namëmëyan ko kamo ngâmin.”

Ana ortograpiya ana ësad sa mga gamit nin mga paratorô niyana *Kagawaran* nin Edukasyon, sa pagitorô niyana sasabiyën poon sa *Kindergarten* sagkëd sa *Grade* 3, sa mga nakaagi ng pirang taon. Ana Buhi North District kaiba sa paaging adi sa pag-implimintar niyana MTB-MLE sa irarëm nin *K to 12 Curriculum*.

Nagtarabangan, nagsakripisyo ag sinalakan nin pag-payabâ ana ginibo niyana mga imilî na paratorô na parasorat nin nasabing distrito, tanganî mabilog ana Ortograpiyang Boînën. Sa sâkën na pag-ërëpërëp nagitâwën nin kalinawan ag magiging giya niyana mga iskwila, mga paratorô, mga lokal na tagasorat, ag sa mga namamanwaan na nagipayabâ niyana koltorang Boînën. Ësad ading progrisibong paagi para sa ikakaráây niyana sâtën na banwaan. Magsirbi man logod ading pag-angat para sa mga paratorô, mga namamanwaan na maipadagos ana pagkamëya, pagkaërësad ag pagpalakëp niyana tâal na sasabiyën, ag koltora niyadi. Ësad man ading paagi para maiorgolyo ta sagkëd maipabisto sa bilog na kinâban ana sâtën na ortograpiya na kongkritong ilyabi sa kadonongan ag kayamanan niyana sâtën na banwaan.

Sa ngaran niyana Sangguniang Bayan nin Buhi sa pamamayo ni dating Bise-Alkalde, Rey P. Lacoste, sa sâkën na mga pag-iribang konsiyal, ako ni salodo sa dakëǵë ag sa ëdâ sawang pagsoporta ni Hon. Margarita M. Aguinillo, Alkalde nin Buhi, sa paggiya ni Dr. Josephine S. Daguman ag mga pag-iriba niya sa TAP, ki Dr. Minnie E. Talaguit, dating *Public Schools District Supervisor*, DepEd Buhi, sa Boînën Orthography Writers (BOW), sa ngâmin na nagtood, nagtiwalâ ag nagtao nin tabang pinansiyal, tiknikal sagkëd moral na soporta tanganing mabilog ana pinag-ësad na *Ortograpiyang Boînën*.

MENSAHE

Una sa lahat, nais kong magbigay-pugay sa ating Dakilang Diyos at gusto ko ring ipaabot ang aking personal na pagbati... “Mahal ko po kayong lahat.”

Ang ortograpiya ay isang gamit ng mga guro ng Kagawaran ng Edukasyon, sa pagtuturo ng wika mula sa antas ng *Kindergarten*, hanggang sa Baitang 3, sa nakalipas na ilang taon. Ang Hilagang Purok ng Buhi ay kabilang sa hakbanging ito ng kagawaran sa pagpapatupad ng MTB-MLE sa ilalam ng Kurikulum ng *K to 12*.

Nagtulong-tulong, nagsakripisyo at hinaluan ng pagmamahal, ang tahasang ginawa ng mga piniling gurong manunulat ng nasabing purok, upang mabuo ang *Ortograpiyang Boînën*. Sa aking pananaw itong ortograpiya ay magbibigay ng linaw at magiging gabay ng mga mag-aaral, mga guro, mga lokal na manunulat, at sa mga mamamayang nagmamahal sa kultura ng Buhinën. Ito rin ay isang progresibong hakbang ng bayan—ang siyang makikinabang. Nawa’y ito ay magsilbing hamon sa ating mga guro at mga kababayan na ipagpatuloy ang pagmamahal, pagkakaisa, pagpapalaganap ng wikang katutubo, at kultura nito. Ito rin ay isang paraan upang maipagmalaki natin at maipakilala sa buong mundo ang ating sariling ortograpiya, na kongkretong susi sa angking talino at yaman ng ating bayan.

Sa ngalan ng Sangguniang Bayan ng Buhi sa pamumuno ng dating Bise Alkalde, Rey P. Lacoste, at sa lahat ng aking mga kasamahang konsehal, ako ay nagpupugay sa malawakang suporta ni Kgg. Margarita M. Aguinillo, Alkalde ng Buhi, sa paggabay ni Dr. Josephine S. Daguman at ang kaniyang mga kasamahan sa TAP, kay Dr. Minnie E. Talaguit, Tagamasid Pampurok, DepEd Buhi, sa Boînën Orthography Writers (BOW), sa lahat ng indibidwal na naniwala, nagtiwala at nag-alay ng panahon, tulong pinansiyal, teknikal at moral na suporta upang mabuo ang pinag-isang *Ortograpiyang Boînën*.

Maboway ana *Ortograpiyang Boînën*. Sa ngaran ni Amang Dios, payaba ko kamo ngâmin.

MUN. KAG. DON E. SIBANGAN
Namayo sa Komiti niyana, Edukasyon, Kultura, ag Arti
Sangguniang Bayan, Banwaan nin Buhi
2015–2018

Mabuhay ang *Ortograpiyang Boînën*. Sa ngalan ng Dakilang Diyos, mahal ko kayong lahat.

MUN. KAG. DON E. SIBANGAN
Tagapangulo, Komite sa Edukasyon, Kultura, at Sining
Sangguniang Bayan, Bayan ng Buhi
2015–2018

MINSAT

Sasabiyën ana ësad sa mga bagay na nagipabisto sa ësad na logar o etniko nin ësad na tâo. Adi ësad na paagi para masigoro ana pagkakaagko bokas na komonikasyon, maray na rilasyon, ag danay na pagkakabërëgkës niyana mga tâo sa komonidad.

Mantang ana sasabiyën mina simbolo nin boway, adi man nagiborobâgo sa pag-agi niyana panâon piro mina dipindi adi sa inirasyon na nagigamit niyadi ana kaskas o paagi nin pagbâgo niyana sasabiyën. Pariyo man adi ka importanti niyana boway, ana padagos ag tamang pagigamit niyadi para sa pagmantinir ana pagiparambong niyadi. Ana *Ortograpiyang Boînën*, ësad na daġan paponta sa pagpatalobo niyana sâtën na sasabiyën, koltora, ag pamomoway.

Nilaom ako na ana mga iridiro niyadi amo ana ostong makikinabang sa ngâmin na adi; mga kapagalan, paglapigot, pagdosay nin oras, sagkëd mga nagtao nin matiryal na bagay tanganî adi mabilog. Nipaabot ako nin pasasalamat sa ngâmin na siktor niyana DepEd Buhi North District (BND), TAP, LGU nin Buhi, sagkëd sa iba pang nagtabang-tabang.

Padagos man logod na atamanën ta ana Boînën bilang ësad na opisyal na sasabiyën ag nagipabisto niyana mga Buhînën.

Maboway ana pagpaparambong niyana sâtën na sasabiyëng Boînën.

MUN. KAG. MYRNA SF. IMPERIAL
Prisinting Namamayo sa Komiti niyana, Edukasyon, Kultura, ag Arti
Sangguniang Bayan, Banwaan nin Buhi
2018–2022

MENSAHE

Wika ang isa sa mga bagay na nagpapakilala ng isang pamayanan o etniko ng bawat tao. Isa ito sa paraan para mapapanatili ang pagkakaroon ng isang bukas na komunikasyon, maayos na relasyon, at tunay na pagkakaisa ng bawat mamamayan.

Habang ang wika ay sumasagisag ng buhay, ito naman ay nagbabago sa paglipas ng panahon subalit depende ito sa henerasyon na gumagamit nito ang bilis o pamamaraan ng pagbabago ng wika. Kasinghalaga rin ito ng buhay, ang patuloy at wastong paggamit nito ay napapanatili ang lalong pagyabong nito. Ang *Ortograpiyang Boînën*, ay isang daan patungo na sa bahaging pagpapaunlad ng ating wika, kultura, at pamumuhay.

Inaasam ko na ang mga tagapagmana nito ang siyang tunay na makikinabang sa lahat ng ito; mga pagsasakripisyo, pagpupunyagi, paglalaan ng oras, at mga nag-alay ng materyal na bagay para ito ay mabuo. Nais kong magpasalamat sa lahat ng sektor ng DepEd Buhi North District (BND), TAP, LGU ng Buhi, at iba pa na nagtulong-tulong.

Patuloy nawang pangngalagaan natin ang Boînën bilang isang opisyal na wika at pagpapakilanlan ng mga Buhînën.

Mabuhay ang pagpapayabong ng ating wikang Boînën.

MUN. KAG. MYRNA SF. IMPERIAL
Kasalukuyang Tagapangulo, Komite sa Edukasyon, Kultura, at Sining
Sangguniang Bayan, Bayan ng Buhi
2018–2022

MINSAT

Ësad na kadorodakëġëng orgolyo ana pagkabilog niyading *Ortograpiyang Boînën* sa tabang niyana TAP, *Kagawaran ng Edukasyon* ag lalô na ana *Buhi North District* sagkëd ana mga iba pang siktor.

Ading librong adi bëkë sanang magsirbing babasâ̈ën, adi magigin giya niyana tamang pagsorat sagkëd pagbasa nin sasabiyëng Boînën. Magpapabisto man niyana mayaman na koltora ag mga istorya nin Banwaan na Buhi ag mga Buhînën. Ësad ading nagipamatood na kin ono ana pagmâwët maski bagaono man kadipisil ana mga paagi, basta nagkakaërësad ag nagitarabangan ngâmin, bëkë imposibling aboton.

Matood na ana pagkabilog niyading ortograpiyang adi ësad na istorya nin kapangganâ̈an sa pagbaklay na ana pidangadang sa ësad na maoyay na pangatorogan. Arëg niyana ësad na maray na katoyowan, yo mga idinosay na aldaw indî lominîîs sana na ëdâ kamëtangan, kindî nagin maoyay ag kapakipakinabang na pamana sa panâ̈on na miaboton. Adi dapat ipagorgolyo nin kada makagamit niyading *Ortograpiyang Boînën* lalô na kin sira bëkë Buhînën.

Gosto kong ipaabot ana pagbisto niyana maoyay na kaisipan ag ëdâ kataposan na pagpapasalamat ki Dr. Minnie E. Talaguit, sa mga paratorô na pinamamayowan niya sa *Buhi North District*, sagkëd yo mga tâ̈ong indî ko na mapangaranan. Isi kong itinao ninyo ana ngâmin na makakaya, yo oras, kësëg, ag talinto na kaipowan tanganing magibo ading libro. Kamo ana ladawan nin ëdâ kapariyong didikasyon na magsirbing matood na inspirasyon para sa mga bâgong tobong Buhînën.

Bantayan man logod kamo ag bindisyonan niyana Dios sa Kaitaasan.

MARGARITA M. AGUINILLO
Mayora
2015–2022

MENSAHE

Isang napakalaking karangalan ang pagkakabuo ng *Ortograpiyang Boînën* sa pakikipagtulungan ng TAP, Kagawaran ng Edukasyon lalong-lalo na ang Purok ng Hilagang Buhi at ang iba pang sektor.

Ang aklat na ito ay hindi lang magsisilbing babasahin, ito ay magiging gabay rin sa tamang paraan ng pagbabasa at pagsusulat ng wikang Boînën. Magpapakilala rin ito ng mayamang kuwento at kultura ng Buhi at ng mga Buhinën. Isa itong patunay na kung ano ang mithiin na kahit gaano kahirap ang proseso, kapag nagkakaisa at nagtutulungan lahat, hindi ito mahirap abutin.

Totoo na ang pagkakabuo ng aklat na ito'y isang kuwento ng ating tagumpay sa paglalakbay na ang patutunguhan ay isang magandang pangitain. Tulad ng isang mabuting layunin, ang mga araw na ginugol ay hindi nasayang, bagkus ito'y nagdulot ng maganda at kapaki-pakinabang na pamana sa mga darating na panahon. Ito ay maipagmamalaki sa bawat gagamit ng *Ortograpiyang Boînën* lalo na kung sila'y hindi Buhînën.

Gusto kong ipaabot ang aking pagkilala sa kaniyang magandang adhika at ipaabot ang walang hanggang pasasalamat kay Dr. Minnie E. Talaguit, sa mga guro na kaniyang pinamumunuan sa Hilagang Purok ng Buhi, at ang mga indibidwal na hindi ko na mabanggit ang mga pangalan. Alam kong ibinuhos ninyo ang inyong buong makakaya, oras, isipan, at lakas na mahalagang salik para mabuo ang aklat na ito. Kayo ay huwaran ng walang katulad na dedikasyon na magbibigay ng totoong inspirasyon sa mga bagong salinlahing Buhînën.

Patnubayan nawa kayo at pagpalain ng Dakilang Diyos.

MARGARITA M. AGUINILLO
Alkalde
2015–2022

MINSAT

Ësad na dakëǵëng pangyayari adi sa ngâmin na namamanwaan nin sâtën na banwaan lalo na sa mga paratorô niyana sâtën na Iragang Distrito niyading Buhi, na pinagtëgdas o binilog nira ana *Ortograpiyang Boînën*. Ana librong adi magisirbiyën na giya niyana mga paratorô, iskwila, ag mga taong mëya na makatëëd niyading naiiba tang sasabiyën.

Sa pagmôkna niyading mga maoostik na paratorô na nagibilog niyana Boînën Orthography Writers, sa tabang ag paggiya nin TAP, ag KWF, napakaray nira ana paagi niyana pagsorat na idiya/ pinônan ni Dr. Dominga J. Portugal para sa sâtën na sasabiyën. Bëkë na sana adi limitado kindî nagin mas madali na ading iimprinta. Ana paggibo ninyo niyading libro patonay na nagibolos sa rogô ta ana pagigin ësad na ostong Buhînën.

Ako, sagkëd ana sâkën na mga pag-iriba sa Gobyirno Lokal ag ngâmin na Buhînën ana sâmën na tëdëk sa poso na pag-omaw sa sainyo. Salamat sa kadorodakëǵëng naitabang ninyo sa sâtën na lokal na panitikan.

REY P. LACOSTE
Alkalde
2022 to present

MENSAHE

Isang malaking pagkakataon ito sa lahat ng mamamayan ng ating bayan lalong lalo na sa mga guro ng ating Hilagang Purok ng Buhi, na kanilang pinanday o binuo ang *Ortograpiyang Boînën*. Ang aklat na ito ay magsisilbing gabay ng mga guro, mag-aaral, at mga taong nais matuto sa natatangi nating pananalita.

Sa paglikha nito ng mga magagaling na guro na bumubuo ng Boînën Orthography Writers, sa tulong at gabay ng TAP, at KWF, napabuti nila ang sistema ng pagsulat na ideya ni Dr. Dominga J. Portugal para sa ating wika. Hindi na lamang ito limitado bagkus ay mas madali na ring maiimprenta. Ang pagbuo ninyo ng aklat na ito ay patunay na nananalaytay sa ating dugo ang pagiging isang tunay na Buhînën.

Ako, sampu ng aking mga kasamahan sa Pamahalaang Lokal at lahat ng Buhînën, ang aming taos pusong pagpupugay sainyo. Salamat sa napakalaking ambag ninyo sa ating panitikang lokal.

REY P. LACOSTE
Alkalde
2022 hanggang kasalukuyan

MINSAT

Ana sâkën na pag-omaw ag pasasalamat sa Boînën Orthography Writers (BOW) sa sakandang didikasyon ag pagkamëya na idinosay sa pagbilog niyading *Ortograpiyang Boînën*. Isi ko na bëkë madali yo prosiso nirang pinag-agiyan tanganing mariyalisar ana sakandang pagmâwët.

Ana sasabiyën amo ana panalmingan niyana kamatôran na nangyayari sa ësad na komonidad na nagigamit niyadi. Bilang gamit sa pagpaayag niyana kaisipan ag pagmatî, adi padagos na nagiboro-bâgo kasabay niyana sâtën na panâon. Importanti ana pagkabilog niyana ortograpiyang adi tanganing magsirbi ading giya sa pagimaniyo ag sa padagos na pagpakaray niyana mga paratorô sa lokal na korikolom ngani maging angay sa koltora ag sasabiyën niyana Banwaan nin Buhi. Sa paagi niyadi, mas magiging madalî ana pagsorat niyana mga lokal na istorya ag iba pang kagamitan sa pagtorô sa MTB-MLE gamit ana sadiring sasabiyën.

Nasisigoro ko, na adi, ësad na kadorodakëģëng paagi paponta sa mas maiwas, organisado, sagkëd sistimatikong kontikstowalisasyon niyana mga kagamitan nin pagtorô sa Boînën.

Sa paglîis niyana panâon, mas dakël nang *contextualized materials* ana maiiras niyana mga paratorô sa sakandang mga iskwila. Adi man magiging paagi tangani mas maintindiyan niyana mga agin na Buhînën ana sakandang koltora ag sasabiyën.

Ësad na importanting iridasyon ading ortograpiya sa mga iskwilang Buhînën. Sa mga kaaginan naman, padagos man logod nirang mamëyan ana sakandang kinagimâtan na sasabiyën na ëdâ pagdowa-dowa. Logod man padagos na mas maging makësëg ag de-kalidad ana sistima niyana idokasyon sa Banwaan niyana Buhi.

Liwat ana sâkën na maogmang pataratara ag pasasalamat.

LITA T. MIJARES
Former CID, Chief

MENSAHE

Nais kong bigyang-pugay at pasalamatan ang Boînën Orthography Writers (BOW) sa kanilang dedikasyon at pagmamahal na ibinuhos sa pagbuo ng *Ortograpiyang Boînën*. Batid ko na hindi naging madali ang proseso nilang pinagdaanan upang maisakatuparan ang adhikang ito.

Ang wika ay ang repleksiyon ng katotohanan na nangyayari sa isang komunidad na gumamagit nito. Bilang isang *medium* sa pagpapahayag ng kaisipan at damdamin, ito ay patuloy na nagbabago kasabay ng ating panahon. Napakahalaga ng pagbuo ng ortograpiyang ito sapagkat ito ay magsisilbing gabay sa mga tagapamahala at mga guro sa patuloy na pagsasaayos ng lokal na kurikulum na maging akma sa kultura at wika ng Bayan ng Buhi. Sa pamamagitan nito, mas magiging madali ang pagsusulat ng mga kuwentong-bayan at iba pang kagamitan sa pagtuturo sa MTB-MLE gamit ang sariling wika.

Natitiyak ko, na ito ay isang napakalaking hakbang patungo sa mas malawak, organisado, at sistematikong kontekstuwalisasyon ng mga Boînën *instructional materials*.

Sa pag-usad ng panahon, mas marami nang *contextualized materials* ang maibabahagi ng mga guro sa kanilang mga mag-aaral. Ito rin ay magiging daan para mas lalong maintindihan ng mga kabataang Buhînën ang kanilang kultura at wika.

Isang napakahalagang pamana itong ortograpiya sa mga mag-aaral na Buhinën. Sa mga kabataan naman, patuloy sana nilang mahalin ang kanilang kinagisnang wika ng walang pag-aalinlangan. Nawa'y patuloy na maging mas matatag at de-kalidad ang sistema ng edukasyon sa Bayan ng Buhi.

Muli ang aking malugod na pagbati at pasasalamat.

LITA T. MIJARES
Dating CID, Chief

MINSAT

Maboway ana DepEd Camarines Sur!

Ësad na kadorodakëǵëng onra ag kapangganầan niyana DepEd Camarines Sur sa tabang niyana Translators Association of the Philippines (TAP), ag Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), na ana Buhi North District nakaëman nin ortograpiya para sa mga namamanwaan nin Buhi, amo ana *Ortograpiyang Boînën*. Onra man na dakëǵë na maipaabot sa lambang Buhînën na mapakaray nira ana sakandang maoyay na potoro gamit ana tầal na sasabiyën para sa pag aadal.

Nipamató̀od adi na kita siryoso na matâwan nin kasimbagan ana kagostowan o katoyowan niyana DepEd na mapakaray, mapalakëp, ag mamantinir ana paagi nin komonikasyon ag pagtao nin ka̋ò̀logan niyadi sa intirong tá̋ò.

Ana ortograpiyang adi magisirbiyën na tolay para maipaabot niyana mga tá̋ò ana piisip o namamatian sa pinakamaoyay na paagi. Magigin instrominto adi tanganing magkaësad ana mga paagi niyana pagipaayag ag pagisorat nin mga kagamitan sa pagitorô para sa mga agin na niiskwila. Sinyal man adi sa pagipalakëp sa programa para sa MTB-MLE na nagimâwët maipaliwanag nin maray, mas malinaw, ag maka̋ò̀logan na mga konsiptong dapat maisiyan niyana mga agin.

Alagad, yo pag-ëman niyadi bëkë kapasil, kawasa ta nangaipo adi nin malikay ag maigët na pag-aadal ag pag-imbistigar. Piomaw ko ana intirong kaiba na nagsorat nin malikay ag ëdâ sawang pagtao nin maabang pana̋ò̀n, ag tiyagâ poon sa pagpoon sagkëd matapos ana proyiktong adi.

MENSAHE

Mabuhay ang DepEd Camarines Sur!

Isang malaking karangalan at tagumpay ng DepEd Camarines Sur sa tulong ng Translators Association of the Philippines (TAP), at Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), na ang Buhi North District ay makabuo ng ortograpiya para sa mga mamamayan ng Buhi, ang *Ortograpiyang Boînën*. Malaking karangalan din na maiparating sa bawat Buhînën na mahubog natin ang kanilang magandang kinabukasan gamit ang katutubong wika nila, para sa edukasyon.

Patunay lamang ito na tayo ay seryoso sa pagbibigay kasagutan sa mithiin ng DepEd na maisaayos, mapanatili, at mapalaganap ang paraan ng komunikasyon at pagpapakahulugan sa lahat ng tao.

Ang ortograpiyang ito ay magsisilbing tulay para maipahayag ng mga tao ang iniisip o nadarama sa pinakamainam na paraan. Magiging instrumento ito upang magkaisa ang mga paraan ng pagpapahayag at pagsulat ng mga kagamitan sa pagtuturo para sa mga batang mag-aaral. Hudyat din ito sa pagpapalawak sa programa para sa MTB-MLE na naglalayong maipaliwanag nang maayos, mas malinaw, at makabuluhanang mga konseptong na dapat malaman ng mga bata.

Bagaman hindi naging madali ang pagbuo nito, dahil nangangailangan ito ng masusi at matiyagang pag-aaral at pagsasaliksik. Pinupuri ko ang lahat ng kasapi na sumulat nito ng maingat at walang sawa na naglaan ng mahabang panahon, at tiyaga mula sa simula hanggang matapos ang proyektong ito.

Bolanos ag tëdëk sa poso kong pinagipasalamatan ana TAP sa pamamayo ni Dr. Josephine S. Daguman, ana bilog na KWF sa pamamayo man ni Dr. Arthur P. Casanova, sa tabang ag soporta nin mga libring kopya niyading libro, sagkëd sa mabëët na Alkalde Margarita M. Aguinillo nin Buhi, para sa tabang pinansiyal. Nagisimbolo adi niyana sâtën na katoyowan na mapaasinso ana kalidad niyana idokasyon sa sâtën na banwaan.

Diyos mabalos tabi.

CECILLE BERNADETTE P. RIVERA, CESO V
Former Schools Division Superintendent

Lubos at taos-puso kong pinasasalamatan ang TAP sa pamumuno ni Dr. Josephine S. Daguman, ang buong KWF sa pamumuno ni Dr. Arthur P. Casanova sa tulong at suporta ng libreng kopya ng mga aklat na ito, at sa mabait na Alkalde Margarita M. Aguinillo ng Buhi, para sa tulong pinansiyal. Ito ay simbolo ng ating iisang layunin na maiangat ang kalidad ng edukasyon sa ating bayan.

Maraming salamat po.

CECILLE BERNADETTE P. RIVERA, CESO V
Dating Schools Division Superintendent

MINSAT

Sinsiro akong nagitao nin galang sa BOW niyana mga taga-Buhi North District, Camarines Sur, sa sakandang matrayompo na pagbotwa sagkëd pagpoblikar niyana *Ortograpiyang Boînën*.

Sa pagtalobo nin iba-ibang mga sasabiyën sa nasyon, indî maiilëm na napagbâyan ana kadakël na sasabiyën sa pagkakaobon sa ibaba nin pag-asinso. Dayaday, kadakël pa man na mga Pilipino na bolanos na nagimâwët ag bokas ana poso, na mapataas adi sagkëd maipadagos ana mga pag-aadal para sa pag-asinso.

Kaya dayaday, ësad na pagsalodo adi sa mga tagagiya sagkëd mga kaibanan na parasorat, pati na sa TAP, KWF, LGU sagkëd mga lokal na nagitabang na indi nagibîliw tangani maging matrayompong matapos ana kopyang adi.

Ading manwal magisirbiyën na labi kaimportanting ladawan para mas mapararëm ana pag-intindi sa pinagiadalang sasabiyën.

Nakikiiba ana Kagawaran ng Edukasyon, *Sangay* ng Camarines Sur sa mga bagading klasi nin maoyay na gibo. Kami ana sa inyong katowang sa padagos na pagipatalobo ag pagligid niyana mga sasabiyën sa sâtën na riyon, ag sa sâtën na nasyon.

LOIDA N. NIDEA, EdD, CESO V
Incumbent Schools Division Superintendent

MENSAHE

Mataos kong binabati ang BOW mula sa hilagang bahagi ng Buhi, Camarines Sur sa kanilang matagumpay na paglunsad at paglathala ng *Ortograpiyang Boînën*.

Sa pag-usbong ng varayti ng mga wika sa bansa, hindi maipagkakanulo ang pagkakaiwan ng maraming wikain sa laylayan ng pag-unlad. Gayunpaman, marami pa rin sa mga Pilipino ang may bukal sa pusong pagnanais na maiangat ang mga ito at gayong ipagpatuloy ang mga pananaliksik tungo sa pag-unlad.

Kaya naman, isang pagpupugay pa rin sa tagapayo at mga miyembrong manunulat, gayundin sa TAP, KWF, LGU, at sa lokal na mga *stakeholders* na kapit-bisig upang matagumpay na matapos ang siping ito.

Ang manwal na ito ay magsisilbing kapaki-pakinabang na dungawan tungo sa mas malalimang pag-unawa sa pinag-aralang wikain.

Nakikiisa ang Kagawaran ng Edukasyon, Sangay ng Camarines Sur sa mga ganitong uri ng kapita-pitagang gawain. Kami ay inyong katuwang sa patuloy na pagpapayaman at pag-iinog ng mga wikain sa ating rehiyon, sa ating bansa.

LOIDA N. NIDEA, EdD, CESO V
Kasalukuyang Tagapamanihalang Pansangay

MINSAT

Maogma akong nagitao nin pataratara sa Buhi North District sa paggibo niyading *Ortograpiyang Boînën* na magiging giya sa pagbilog nin mga kagamitan sa pagbasa ag pagkakatëëd niyana mga agin na Buhînën. Adi ësad na kontribosyon sa pagbosol na mangyari ana MTB-MLE sa parting adi niyana Bicol.

Sa paagi niyadi pilaoman na mas magiging makisikisi ana pag-adal niyana mga agin ta ana pinagibasa nira nakasorat sa sasabiyën na kyaǵa ag namëmëyan nira. Pilaom ko man dayaday na magkakaagko pa nin mga misonoron para sa paggibo nin dakël pang kagamitan sa pag-aadal ag pagkakatëëd.

Pataratara ag pagpasalamat man sa Lokal na Yonit nin Gobyirno niyana Buhi ag sa mga organisasyon na nagtao nin pagsoporta tangani mabilog adi. Sa ngâmin niyadi, ana sâkën na sinsirong pagtao nin pataratara sa mga paratorô, ana BOW na nagbôbô nin kaisipan, kësëg, ag panâon para sa kagamitang adi.

Moboway kamo ngâmin!

GILBERT T. SADSAD
Regional Director

MENSAHE

Malugod na pagbati sa Buhi North District sa pagsasakatuparan ng *Ortograpiyang Boinen* na magiging gabay sa pagbuo ng mga kagamitan sa pagbabasa at pagkatuto ng mga batang Buhînën. Ito ay isang kontribusyon sa mabunsod na pagpapatupad ng MTB-MLE sa dakong ito ng Bicol.

Sa pamamagitan nito inaasahan na mas magiging masigla ang pag-aaral ng mga bata dahil ang binabasa nila ay nakasulat sa wikang kilala at mahal nila. Inaasahan din na magkakaroon pa ng mga kaakibat na gawain para sa pagbuo ng mas marami pang kagamitan sa pag-aaral at pagkatuto.

Pagbati at pasasalamat din sa LGU ng Buhi at sa mga organisasyon na nagbigay ng suporta sa pagkabuo nito. Higit sa lahat, mapuso ang pagbati sa mga guro, ang BOW na nagbuhos ng talino, lakas, at panahon para sa materyal na ito.

Mabuhay kayong lahat!

GILBERT T. SADSAD
Regional Director

PAMÔNANG SASABIYËN

Ana *Ortograpiyang Boînën* pinagpakaray, isinorat, ag binilog bilang kasimbagan sa pag-angat niyana Kagawaran nin Edukasyon na maipasonod ana katoyowan niyana "K *to* 12 Kurikulum." Magisirbiyën ading sosonoron niyana mga paratorô poon sa *Kindergarten* sagkëd sa Ikatolong Grado (K Stage 1). Maoyay ading gamitën para mas lalong mapag-adalan ana tamang paagi niyana pagibasa, pagisorat ag matanos na pagigamit niyana ta͡âl na sasabiyën o MT, sa mga aadalan niyana mga agin sa K *Stage* 1 niya nasabing kurikulum.

Giya adi niyana mga gorang mga obinis na indî maray nakakaintindi, nakakabasa, ag nakakasorat nin Boînën, ana taal na sasabiyën, lalô na ana mga naiibang simbolo ag tonog sa sasabiyën ta. Magagamit adi bilang giya niyana mga lokal na parasorat ag mga dayo na mëyang makatëëd niyana sasabiyën adi.

ësad na simanang workshop na binânong SPAR or Strategic Planning–Resources, na pinangônâàn ni Ma'am Emelia T. Ballenas. Nagkaagko man nin sonod-sonod na pakikipagmiting si Ma'am Ballenas ki Dr. Portugal na nagin paratorô niya manënëngëd sa linggwistika niyana sasabiyëng Boînën. Kaso 2005, nag-iriba yo mga imiling mother tongue translators sa ësad na seminar workshop manënëngëd sa Pagibalyo, Linggwistika, Antropolohiya ag iba pang mga pagbalô na agko rilasyon sa gigibowen nirang pagbalyo niyana Bâgong Tipan. Nagkaagko sira nin 1st Joint Language Congress kaso Mayo 2007, napag-osipan ag pinagplanowan adto ana ortograpiya na gagamitën sa pagbalyo. Kaiba sa pagseminar ana ënëm na LGU Education chair, riprisintanti niyana Office of the Mayor, Sir Rolando F. Fortuno ana Public Schools District Supervisor nin Buhi District, siyam na mga ritiradong paratorô, mga lokal na parasorat, mga civic-minded na indibiduwal, parish priests ag mga pastor na nag-alin pa sa ënëm na banwaan ag ësad na siyodad, mga riprisintanti alin sa Opisina niyana Gobirnador, ag ana Kongrisman nin Rinconada District. Pagkatapos tolos niyo seminar, nagkaagko nin pagsiyasat niyana ispiling, niyadtong Oktubre 2007 sa pitong iskwilâàn pang high school; tolong pribado ag ëpat na pampoblikong iskwilâàn sa Buhi. Ipinakita ana risolta nin pagsiyasat niyana ispiling ag rinipaso niyana mga padî, mga prinsipal nin iskwilâàn mga riprisintanting paratorô sa high school kin sâri ginibo yo pagsiyasat sa ispiling, Buhi District Supervisor, ag iba pang mga paratorô sa ilimintarya, ag ana riprisintanti niyana LGU. Didi sa pagmiting nira napagkaësaran na gamitin ana <ū> para sa tonog na schwa.

Disyembre 2007, ginibo ana 2nd Language Congress para sa mga nagisabi nin Boînën, imbitadong resource speaker sa pagtiripon si Dr. Ricardo Nolasco, Komisyoner niyana Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ag Professor niyana UP Department of Linguistics ag kaiba man si Ma'am Neri Zamora. Nagpabor ana kadakëlan sa mga nag-atindir na gamitën ana ū para sa tonog na schwa.

Natapos ana pinakamônang naibalyo sa Boînën, ana Ebanghelyo sigon ki Lukas, kaso 2009. Adi ipinagprisintar sa pagtiripon nira ni Mayor Rey P. Lacoste, mga padî, mga pastor, mga district supervisor, mga paratorô, mga opisyal nin barangay, mga lokal na parasorat, ag mga civic-minded na nagisabi nin Boînën. Matapos ipinanao yo kopya niyo nasabing Ebanghelyo sigon ki Lukas, nakarisibi sira

or Strategic Planning–Resources, na pinamunuan ni Bb. Emelia T. Ballenas. Nagkaroon din ng sunod-sunod na pakikipagpulong si Bb. Ballenas kay Dr. Portugal na nagsilbing tagapayo para sa usaping linggwistika ng wikang Boînën. Noong 2005, lumahok ang mga piling mother tongue translators sa isang seminar workshop tungkol sa Pagsasalin, Linggwistika, Antropolohiya at iba pang mga pagsasanay na may kinalaman sa gawain ng pagsasalin ng Bagong Tipan. Nagkaroon sila ng 1st Joint Language Congress noong Mayo 2007, napag-usapan at napagplanohan doon ang ortograpiya na gagamitin sa pagsasalin. Kasama sa pagseminar ang anim na LGU Education chair, kinatawan ng Office of the Mayor, G. Rolando F. Fortuno ang Public Schools District Supervisor ng Buhi District, siyam na mga retiradong guro, mga manunulat na lokal, mga civic-minded na indibiduwal, parish priests at mga pastor na nagmula sa anim na bayan at isang lungsod, mga kinatawan galing sa Office of the Governor, at ang Kongresman ng Rinconada District. Pagkatapos kaagad ng seminar, nagkaroon ng spelling survey, noong Oktubre 2007 sa pitong mataas na paaralan; tatlong pribado at apat na pampublikong paaralan sa Buhi. Pinakita ang resulta ng Spelling Survey at sinuri ng mga pari, mga prinsipal ng paaralan, mga guro na kumakatawan sa mga mataas na paaralan na kung saan isinagawa ang spelling survey, Buhi District Supervisor at iba pang mga guro sa elementarya, at ang kinatawan ng LGU. Dito sa pagpupulong na ito napagdesisyonan na gamitin ang <ū> para sa tunog ng schwa.

Disyembre 2007, ginanap ang 2nd Language Congress para sa nagsasalita ng Boinen, invited resource speaker sa kapulungan si Dr. Ricardo Nolasco, Komisyoner ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at Propesor sa UP Departamento ng Lingguwistiks, at kasama din si Bb. Neri Zamora.

Natapos ang kauna-unahang naisalin sa Boînën, ang Ebanghelyo ayon kay Lukas, noong 2009. Ito ay itinanghal at binasbasan sa pagtitipon nila Mayor Rey P. Lacoste, mga pari, mga pastor, mga district supervisor, mga guro, mga opisyal ng barangay, mga lokal na manunulat, at mga civic-minded na nagsasalita ng Boînën. Pagkatapos ipinamahagi ang nasabing Ebanghelyo ayon kay

nin mga tëyaw ag mga rikomindasyon alin sa mga Buhînën. Pinag-orosipan ana mga nasabing tëyaw ag mga rikomindasyon niyana lambang kaiba nin malikay ag pinagtorotimbang ana kada lado kaya nagkaësad sirang magtipon dayaday para adi mapakaraa͡y nin toltol. Da͡ìl niyadi nagkaagko nin 3rd Language Congress niyo taon man sanang adto, na ginibo sa St. Francis of Assisi, Pastoral Center niyana Roman Catholic Church niya Buhi. Inakô niyana ngâmin na mga nag-atindir alin sa manlain-lain na siktor sa nasabing pagtiripon ana paggamit nin ū para sa tonog na schwa, dayaday na napagkaësaran man nira na dapat magkaagko nin pangaran na ibëbëtang sa potos niyana Bibliya. Nagkaësad niyo ngâmin na kaibanan amo “Ana Maray na Baritâ” “Bikol-Boinūn” ana ibëbëtang sa potos niyana Bibliya.

Kaso 28 Pebrero sagkëd 2 Marso 2012, kaiba sa naimbitaran niyana Intervida Philippines, kaiba ana DepEd Region V, UP, Ateneo de Naga, ag ana Bicol University ana dowang maistra sa Grade I na sira si Ma’am Vanessa F. Estanislao, si Ma’am Mabel Z. Camasis, ag kaiba si Sir Roberto B. Briones, Prinsipal - II niyana Buhi Central School na School Head In-Charge niyana Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE) Distrito niyana Buhi. Sira ana nagpartisipar ninyo Pagsurat-Bikol Workshop na ana katoyowan amo ana tabangan ana mga banwaan ag siyodad didi sa Region V-Bicol, na makagibo nin sadiring Working Orthography, tanganing magamit niyana mga maistra sa pagtorô. Adto sa nasabing workshop nagbilog sira nin giya sa pagisorat ag pagibasa niyana sasabiyëng gamit ana mônang libro ni Dr. Portugal, na agko agbay na nabâgo. Sa sowistiyon ni Prof. Ricardo Nolasco niyana UP Diliman na ësad sa mga imbitado para maggiya sa nasabing workshop, ag si Prof. Kristian Cordero niyana Ateneo de Naga University ana pagigamit niyana <g̈> kisa sa <3> ag ana <ū> kisa sa <ə>, sa rason na amo adi ana araning tonog ag napagkaërësaran niya mga nag-atindir. Adi inakô niyo ngâmin na paratorô niyana Distrito nin Buhi. Nagin ônang giya adi nira sa pagitorô nin Mother Tongue (MT) sa mga Ônang Grado niyana mga iskwila, sa ngâmin na subject apwira sa Filipino ag English. Da͡ìl niyadi, ana mga paratorô niyading Distrito nin Buhi, nakasabay sa pagpatalobo niyana MTB-MLE na ipipagibo niyana DepEd Order 16, s. 2012.

Kaso 28 Enero 2016, sa pamamayo ni Mr. Ryan C. Cuatrona, nabilog ana Project Susog bilang kasimbagan sa pag-angat na patalobôon ana programa na ipipasonod niyana Pagsorat Bikol. Ana gropo

Lukas, nakatanggap sila ng mga komento at mga mungkahi ng mga Buhînën. Tinalakay ang mga nasabing komento at mga mungkahi ng bawat kalahok ng buong ingat at tinimbang ang bawat panig kaya nagkasundo sila na magdaos muli ng pagpupulong para ito ay maisaayos ng lubos. Dahil dito nagkaroon ng 3rd Language Congress noong taong ding iyon, isinagawa sa St. Francis of Assisi, Pastoral Center ng Roman Catholic Church ng Buhi. Tinanggap ng lahat na kalahok mula sa iba-ibang sektor ng nasabing pagtitipon ang paggamit ng ū para sa tunog na schwa, gayundin napagkaisahan din nila na nararapat na magkaroon pangalan ng wika na ilalagay sa pabalat ng Bibliya. Ang napagkasunduan ng lahat ng kalahok ay "Ana Maray na Baritâ" "Bikol-Boinūn" ang ilagay sa harap ng pabalat ng Bibliya.

Noong 28 Pebrero hanggang 2 Marso 2012 kabilang sa naanyayahan ng Intervida Philippines, kasama ang DepEd Region V, UP, Ateneo de Naga, at Bicol University ang dalawang guro sa Grade I, na sina Gng. Vanessa F. Estanislao at Gng. Mabel Z. Camasis kasama si G. Roberto B. Briones, Punongguro II ng Buhi Central School na Punong Gurong Tagapamahala ng Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB- MLE) ng Purok ng Buhi. Sila ay naging bahagi ng Pagsulat-Bikol Workshop na ang adhikain ay para matulungan ang mga bayan at lungsod dito sa Rehiyon V-Bikol, na makagawa ng sariling working orthography para magamit ng mga guro sa pagtuturo. Doon sa nasabing workshop bumuo sila ng isang gabay sa pagsulat at pagbasa ng wika gamit ang unang aklat ni Dr. Portugal, na may kaunting pagbabago. Iminungkahi ni Prof. Ricardo Nolasco ng UP Diliman na isa sa mga tampok na gabay sa nasabing workshop at ni Prof. Kristian Cordero ng Ateneo de Naga University ang paggamit ng <ǵ> sa halip ng <3> at ang <ū> sa halip na <ə>, sa dahilang pinaniniwalaang mas malapit ang tonog nito at ito ang napagkaisahan na gamitin ng mga kalahok. Ito ay tinanggap ng kaguruan ng Purok ng Buhi. Naging una itong gabay nila sa pagtuturo sa mga mag-aaral sa Unang Baitang ng Mother Tongue (MT), sa lahat ng asignatura maliban sa Filipino at English. Dahil dito, ang mga guro ng Purok ng Buhi ay nakaagapay sa pag-unlad ng MTB-MLE na ipinapatupad ng DepEd Order No. 16, s. 2012.

Noong 28 Enero 2016, sa pamumuno ni G. Ryan C. Cuatrona, binuo ang Project SUSOG at inilunsad bilang tugon sa panawagan na paunlarin ang programa isinusulong ng Pagsulat Bikol . Ang grupo

na parabosol para pakësëgën, padanayën ag atamanën ana sasabiyën na Boînën sa paagi niyana arti ag koltora. Naggibo sira nin libro na *Kaayupan* kaso 2017, ginamit nira ana litra na <ll> para sa binâno ni Dr. Portugal na exotic sound sa rason na ana tonog na pibanggit niyadi amo ana /l/ sa ibang sasabiyëng Bikol.

Taon 2017, sa pamamayo ni Dr. Minnie E. Talaguit, Sopirbisor niyana Buhi North District (BND), tinâwan niya nin importansya, ana ësad na labi ka importanting kaipowan niyana mga paratorô poon sa Kinder sagkëd sa Ikatolong Grado. Malikay na pinagtratar niya ki Sir Ronnie L. Lacoste, Punong Tagapamahala niyana MTB-MLE, ana pagkaagko nin ësad na ortograpiyang pinag-aprobaran niyana Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Dâ̈l didi, nakipag-ogday si Dr. Talaguit sa Lokal na Gobyirno niyana Buhi, sa pamamayo ni Mayora Margarita M. Aguinillo. Sa panâ̈ong adto, nakikipag-osip man si Ma'am Ballenas niyana TAP sa LGU manënëngëd sa ortograpiya ta patapos na yo pagsa-Boinën niyo Bâgong Tipan ag arani nang mailonsar. Nagkaësad ana LGU Buhi, Department of Education (DepEd), Buhi North District (BND), KWF, ag TAP na magtarabangan tanganing maabot ana istandardisadong ortograpiya sa sasabiyën. Iniskidyol ag ginibo ana District Live-out Writeshop on the Enhancement and Validation of the Buhi Working Orthography" sa Senter Novem Building Room No. 1, Buhi Central School, Buhi North District, Buhi, Camarines Sur. Ading nasabiing writeshop ginibo sa bindisyon niyana District Memo No. 2, s. 2018.

Nangyari yo mônang parti niyo writeshop kaso 19–21 Enero 2018. Pinagpartisiparan adi nin mga imiling paratorô niyana BND, nagkapirang ritiradong maistra, lokal na indipindyinting parasorat ag mga taga-balyo nin Bibliya sa Boînën. Sarabay nirang pinag-adalan nin malikay ana paagi nin tonog niyana Boînën ag binisto ana importanting tonog na kinakaipowan timbangan nin grafema sa pagisorat. Sa paagi nin indipindyinting osipan ana pagkaagko nin indî bababâ sa ënëm na paagi niyana pag-ispiling nin Boînën. Ipinagsowistiyon niyana mga kaiba sa writeshop na magkaagko nin ësad na miting niyo mga gominibo niyo pag-ispiling tanganing maiprisintar nira ana kanya-kanya nirang paagi ag mag-osip kin ono ana magigibo niyading ortograpiya para sa ikakarâ̈ay niyana namamanwaan sa magiaboton na panâ̈on. Ana primirong parti niyo writeshop pinangônâ̈an adi niyana mga miyimbro nin TAP na sira si Ma'am Rosario S. Viloria, si Ma'am Chitse E. Magaspag, si

ay naglalayong palakasin, panatilihin, pangalagaan ang salitang Boînën sa paraan ng sining at kultura. Nagpalimbag sila ng aklat na *Kaayupan* noong 2017, ginamit nila ang titik na <ll> para sa tinawag ni Dr. Portugal na exotic sound sa kadahilanan na ang tunog na tinutukoy nito ay /l/sa ibang wikang Bikol.

Taóng 2017, sa pamumuno ni Dr. Minnie E. Talaguit, ang Tagamasid Pampurok ng Hilagang Purok ng Buhi, kanyang binigyang pansin ang isang mahalagang bagay na kailangan ng mga guro mula sa Kinder hanggang Ikatlong Baitang. Masusing tinalakay ng huli kay G. Ronnie L. Lacoste, Punong Gurong Tagapamahala ng MTB-MLE, ang magkaroon ng isang ortograpiyang pinagtibay ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Dahil dito, nakipag-ugnayan si Dr. Talaguit sa Lokal na Pamahalaan ng Buhi, sa pamumuno ni Mayora Margarita M. Aguinillo. Sa panahong iyon, nakikipag-ugnayan din si Bb. Ballenas ng TAP sa LGU tungkol sa ortograpiya ng wika dahil patapos na ang pagsasalin ng Bagong Tipan sa Boînën at malapit na itong mailimbag. Nagkasundo ang LGU Buhi, Department of Education (DepEd), Buhi North District (BND), KWF, at TAP na magtulungan para maabot ang istandardisadong ortograpiya para sa wika. Itinakda at ginanap ang "District Live-out Writeshop on the Enhancement and Validation of the Buhi Working Orthography" sa Senter Novem Building Room No. 1, Paaralang Sentral ng Buhi, Hilagang Purok ng Buhi, Buhi, Camarines Sur. Itong nasabing writeshop ay isinagawa sa basbas ng District Memo No. 2, s. 2018.

Naganap ang unang bahagi ng writeshop noong 19–21 Enero 2018. Nilahukan ito ng mga piling guro ng BND, ilang retiradong guro, lokal na malayang manunulat, at mga tagasalin ng Bibliya sa Boînën. Sabay-sabay nilang masusing pinag-aralan ang sistema ng tunog ng Boînën at kinilala ang mahahalagang tunog na kinakailangang tumbasan ng grafema sa pagsusulat. Sa malayang talakayan napag-usapan ang pagkakaroon ng hindi bababa sa 6 na pamamaraan ng pagbabaybay ng Boînën. Iminungkahi ng mga kalahok sa writeshop na magkaroon ng isang pulong ng mga gumawa ng pagbabaybay para maipresenta nila ang kani-kanilang pamamaraan at mag-usap kung ano ang magagawa nitong ortograpiya para sa ikabubuti ng mamamayan sa hinaharap. Ang unang bahagi ng writeshop ay ipinadaloy ng mga kawani ng TAP na sina Bb. Rosario S. Viloria, Bb. Chitse E. Magaspag, Bb. Ballenas, at ni Dr. Josephine S. Daguman.

Ma'am Ballenas, ag ni Dr. Josephine S. Daguman.

Bilang simbag sa sowistiyon niyo mga partisipantis sa primirong parti niyo writeshop, nagpabâno si Mayora Aguinillo nin ësad na unity meeting. Adi ginibo kaso 25 Enero, 2018, ala-ona nin apon sa Sangguniang Bayan Hall nin Buhi. Inimbitaran niyo mga partisipantis sa nasabing workshop. Sira yo mga imiling paratorô na prisinting nagitorô sa ilimintarya ag mga ritiradong maistra na sira Ma'am Nena N. Nazarrea, si Ma'am. Juana N. Villafuerte, ag si Ma'am. Bernardita Jane G. Noble. Kaiba man si Sir Cuatrona ag mga taga-balyo nin Bibliyang Boînën. Inimbitaran man yo mga riprisintanti niyana pamilya na agko dakëǵëng kontribosyon sa lado nin pagsorat sa Boînën. Nag-atindir sira si Ma'am Elena I. Baretto na makoinâ niyo dipontong Dr. Portugal, si Ma'am Judy C. Lee na agin niyo nagraan nang si Ma'am Claveria ag makoamâ man iya ni Ritiradong Judge Claveria na gëraan naman. Tistigo ana ritratistang si Sir Eutiquio E. Crucillo ag nagkapirang miyimbro niyana Lokal na Gobyirno. Katoyowan niya pagtiripon amo ana pagbisto sa importanting kontribosyon niyana lambang ësad na nag-atindir. Iprinisintar sa pagtiripon yo mga ginamit na litra niyana lambang ësad, pinag-adalan, pinagkomparar, pinagtimbang-timbang, ag pinag-osipan ana pagkakapariyo ag pagkakaiba niyana kada ginibo. Tinâwan nin pagsalodo ag pagpa Dios mabalos nin pirsonal niyo lambang nagkontribwir. Pinag-osipan man niyo prisinting pangangaipo nin banwaan sa ësad na Unified Boînën Orthography na magigin giya sa pagsorat ag pagbasa nin mga sasabiyën na Boînën. Pinagdiligar niyana lokal na gobyirno sa mga kaiba sa writeshop na amo ana magigin technical working group (TWG) na magibilogon niya Pagi-ësadën na Ortograpiyang Boînën na magiagiyën sa istandardisasyon niyana KWF. Natapos ana pagtiripon na ana ngâmin na nag-atindir nagin maogma ag nagkaoyon sa ësad na katoyo͡an na adi payamanën, pataloboon sagkëd kamëyan ana sasabiyën na Boînën. Ana pagtiripon pinamayo͡an nira ni Dr. Josephine S. Daguman, Dr. Talaguit, Konsehal Don E. Sibangan, ag Sir Lacoste.

Ginibo ana ika-dowang parti niyana writeshop kaso 26–28 Enero 2018. Pinamayowan adi niyana KWF. Ipinaliwanag niyana mga miyimbro niyana KWF ana programa niyana istandardisasyon ag harmonisasyon niyana mga ortograpiya sa nasyon na Ortograpiyang Pambansa. Kaibang ipinaliwanag ana rikomindadong paggamit niyana Ëë para sa tonog schwa o pëpët niyana sasabiyën sa nasyon

Bilang tugon sa mungkahi ng mga kalahok sa unang bahagi ng writeshop, nagpatawag si Mayora Aguinillo ng isang unity miting. Ito ay naganap noong ng 25 Enero 2018 ala-una ng hapon sa Sangguniang Bayan ng Buhi. Inanyayahan ang mga kalahok sa nasabing workshop. Sila ay ang mga piling guro na kasalukuyang nagtuturo sa mababang paaralan at ang mga retiradong guro na sina Gng. Nena N. Nazarrea, Gng. Juana N. Villafuerte, at Gng. Bernardita Jane G. Noble. Kabilang din si G. Cuatrona at mga tagasalin ng Bibliya sa Boînën. Inimbitahan din ang mga representante ng mga pamilya na may malaking ambag sa larangan ng pagsulat sa Boînën. Dumalo sina Gng. Elena I. Baretto na pamangkin ng yumaong Dr. Portugal at Gng. Judy C. Lee na anak ng pumanaw ng si Gng. Claveria at pamangkin din ng namayapang si Judge Claveria. Saksi ang litratistang si G. Eutiquio E. Crucillo at ilang lokal na kawani ng pamahalaan. Layunin ng pagtitipon ang pagkilala sa mahalagang kontribusyon ng bawat kalahok. Inilahad sa pagtitipon ang ginamit na mga titik ng bawat isa, pinag-aralan, pinaghambing, pinagtugma, at pinag-usapan ang pagkakapareho at pagkakaiba ng mga ito. Binigyang pugay at pinasalamatan ng personal ang bawat may ambag. Pinag-usapan din ang kasalukuyang pangangailangan ng bayan ng isang Unified Boînën Orthography na magiging patnubay sa pagsulat at pagbasa ng mga salitang Boînën. Itinalaga ng Pamahalaang Lokal ang mga kalahok sa writeshop bilang technical working group (TWG) na bubuo ng Unified Boînën Orthography na dadaan sa istandardisasyon ng KWF. Natapos ang pulong na ang lahat na dumalo ay masaya at nagkaisa sa iisang layunin na pagyamanin, pausbongin, at mahalin ang sariling wikang Boînën. Ang pagtitipon ay pinamunuan nina Dr. Daguman, Dr. Talaguit, Konsehal Don E. Sibangan, at G. Lacoste.

Ginanap ang pangalawang bahagi ng writeshop noong 26–28 Enero 2018. Pinangasiwaan ang bahaging ito ng KWF. Ipinaliwanag ng mga kawani ng KWF ang programa ng istandardisasyon at harmonisasyon ng mga ortograpiya sa bansa sa Ortograpiyang Pambansa. Kasamang ipinaliwanag ang mungkahing paggamit ng Ëë para sa tunog schwa o pëpët ng mga wika sa bansa na meron

na agko niyadi. Tinâwan nin dakël na panáõn ana pagdiskotir niyana iba- ibang kapitolo na magibilogon niyana ortograpiya. Ana pinakamawring pinagiosipan amo ana pagtëgdas sa opisyal na pagngaran niyana sasabiyën ag namamanwaan niyana Buhi. Nagkaagko borotowan para sa sasabiyën ag ngaran nin táõ. Napagkaërësadan na Boînën ana magin opisyal na ngaran niyana sasabiyën sa rason na adi ana pinakaarani sa tonog nin táàl na pagisabi niyana mga tao ag arani man ana ispiling sa ginamit ni Dr. Portugal at Gng. Claveria sakandang libro ag Buhînën man ana pambâno para sa táõ o namamanwaan niyana Buhi, kawasa adi nagisunog sa ispiling nin pagngaran niyana monisipyo nin Buhi. Ana nasabing gonos napakaray sa tabang niyana mga miyimbro niyana KWF na sira si Ma'am Maria Christiana A. Pangan, si Ma'am Evelyn P. Pateño, ag sa pamamayo ni Sir Earvin Christian T. Pelagio.

Kaso pitsa 6 nin Oktubre, 2018, ipinalowas ana Bâgong Tipan sa sasabiyën na ana nakabëtang sa ampangan niyana potos niyadi amo ana "Ana Maray na Baritâ" "Bikol-Boinën". Ginibo ana paglowas sa Buhi North Central School sa Munisipalidad nin Buhi, Camarines Sur. Ominatindir didi ana iba ibang siktor niyana komonidad kaibanan ana Boînën Orthography Writers (BOW).

Ana mga paratorông-parasorat na pinagsogô magin TWG kaso magkaagko nin pag-orisipan sa SB Hall, na ipinabâno ni Alkalde Aguinillo, para magbilog niyana Unified Boînën Orthography, nagmiting kaso 24 Setyembre 2018, tanganî pag-osipan ana pagkakaagko nin pagkakakyâgan niyana sakandang gropo. Kadakël na sowistiyon na pagngaran ana naglowas para pagpilian ag siryoso ading pinagdiskotiran. Napagkaoroyonan na magin opisyal na pagngaran ana Boînën Orthography Writers o BOW ag nagkaagko nin iliksiyon nin mga opisyalis niyadi. Padagos ana gropo sa paggibo niyana obligasyon na itinao niyana lokal na gobyirno sakanda. Nakapagsomiti ana gropo nin magkakapirang borador nin ortograpiya sa KWF bago adi nagin priparado sa ësad na pampoblikong konsoltasyon.

Sigon sa patakaran niyana KWF, nagkaagko nin Municipal Consultation with the Different Local Stakeholders on Boînën Orthography (Pagtratar Niyana *Ortograpiyang Boînën*) para sa iba-ibang siktor niyading Buhi, kaso 26 Setyembre 2019. Ginibo adi sa St. Francis Pastoral Center, Buhi, Camarines Sur. Nag atindir sa nasabing pagtiripon, sira si *Buhi Municipal Mayor* Aguinillo, si

nito. Binigyan ng sapat na panahon ang pagtalakay ng iba't ibang kabanata na bubuo sa ortograpiya. Ang pinakahuling paksa ay ang pagtalaga ng opisyal na pangalan ng wika at ng mamamayan ng bayan. Nagkaroon ng botohan para sa wika at ngalan ng tao. Napagkaisahan na Boînën ang maging opisyal na pangalan ng wika at Buhînën naman para sa tao o mamamayan ng Buhî. Ang nasabing usapin ay naayos sa tulong ng mga kawani ng KWF na sina Bb. Maria Christina A. Pangan, Gng. Evelyn P. Pateño, sa pamumuno ni G. Earvin Christian T. Pelagio.

Noong ika- 6 ng Oktubre, 2018, inilunsad ang Bagong Tipan sa wika na na ang nakasulat harapan ng pabalat nito ay ang "Ana Maray na Baritâ" "Bikol-Boinën". Naganap ang paglulunsad sa Buhi North Central School sa Bayan ng Buhi, Camarines Sur. Dumalo dito ang iba't ibang sektor ng kumonidad kabilang ang Boînën Orthography Writers (BOW).

Ang mga gurong-manunulat na itinalagang TWG noong magkaroon ng pagpupulong sa SB Hall, ng ipatawag ni Alkalde Aguinillo, para bumuo ng Unified Boînën Orthography, ay nagpulong noong 24 Setyembre 2018, upang pag-usapan ang pagkakaroon ng pagkakakilanlan ng kanilang grupo. Maraming mungkahi na pangalan ang lumabas para pagpilian at masinsinan itong tinalakay. Napagsang-ayunan na maging opisyal na pangngalan ang Boînën Orthography Writers o BOW at nagkaroon ng halalan ng mga opisyal ng BOW. Patuloy ang grupo na nagsagawa ng tungkuling inatas ng LGU sa kanila. Nakapagsumite ang grupo ng mangilan-ngilang borador ng ortograpiya sa KWF bago ito naging handa sa isang pampublikong konsultasyon.

Alinsunod sa alituntunin ng KWF, nagkaroon ng Municipal Consultation kasama ang Different Local Stakeholders on Boînën Orthography (Pagtratar Niyana *Ortograpiyang Boînën*) para sa iba't ibang sektor ng Buhi, noong 26 Septyembre 2019. Idinaos ito sa St. Francis Pastoral Center, Buhi, Camarines Sur. Dumalo sa pagtitipon sina Buhi *Municipal Mayor* Aguinillo, Kom. Purificacion

Kom. Purificacion Delima ag Sir Pelagio ng KWF, si Ma'am Franlie Ramos, Pansangay na Tagapag-ugnay niyana *MTB-MLE* nin *DepEd* Camarines Sur, Fr. Antonio Rex Palaya niyana *Our Lady of Solitude Parish* nin Tambo, Buhi, Camarines Sur, ag Sopirbisor niyana BND na si Sir Lowel I. Besinio, ag kadakël pang iba. Aadto man sira si Dr. Daguman ag si Ma'am Dumalaug niyana TAP para magsirbing tagagiya niyana BOW sa pagpaayag niyana nabilog na ortograpiya sa pagtitipon. Isinaysay niya BOW niyo "Istorya sa Pagbilog niyana Ortograpiyang Boînën" ag yo nabilog na pitong tsaptir niyadi. Bâgo natapos yo pagtiripon nagkaagko nin indipindyinting pagdiskotir ag pagkariliwanagan.

Nag-agi nin manlain-lain na prosiso ana paggibo niyading Ortograpiyang Boînën, arëg niyana malikay na pag-adal nin sistima nin tonog niyana ësad na sasabiyën, konsoltasyon sa komonidad, balidasyon, ag ribalidasyon sagkëd mga magkakapirang pagpakara͡a͡y tanganing maiiba ana ngâmin na importanting kalidad sa sasabiyën na Boînën.

Ësad sa dakëǵëng pimâwët niyading ortograpiya na maparambong ag mapangatamanan ana sasabiyën Boînën bëkë sana sa mga bâgong tobô kindî para man sa ngâmin na mëyang makatëëd niyading Boînën. Magisirbiyën ading giya sa ngâmin, orog na sa mga paratorô, akadimiko, propisyonal, parasorat, ag tagasalida o tagabalyo tanganing mas mapaiwas ag mapaoswag ana panorat ag litiratorang Boînën. Bëkë sana adi ësad na pansagondong nin pang-oroaldaw sa pakikipag-osip. Pwidi man ading gamitën bilang ësad na bokas ag matimgas na midyom sa pagbosol nin *sining*, koltora, ag pagka agimadmad o pagkyaǵa sa sasabiyën na Boînën.

Pinagkônan:

Eberhard, David M., Gary F. Simons, and Charles D. Fennig, eds. Ethnologue : Languages of the World. 25th ed. Dallas, Texas: SIL International, 2022.

Lobel, Jason William, Wilmer Joseph Tria. An Satuyang Tataramon: A Study of the Bikol Language. Naga City: Lobel and Tria Partnership Co., Holy Rosary Minor Seminary.

Delima at G. Pelagio ng KWF, Gng. Franlie Ramos, Pansangay na Tagapag-ugnay ng MTB-MLE ng DepEd Camarines Sur, Fr. Antonio Rex Palaya ng *Our Lady of Solitude Parish* ng Tambo, Buhi, Camarines Sur, at Tagamasid Pampurok ng Hilagang Purok ng Buhi na si G. Lowel I. Besinio, at marami pang iba. Nandoon din sina Dr. Daguman at Bb. Dumalaug ng TAP para magsilbing patnubay ng BOW sa paglalahad ng nabuong ortograpiya sa nasabing pagtitipon. Inilahad ng BOW ang "Kuwento ng Pagbuo ng Ortograpiyang Boînën" at ang nabuong pitong kabanata nito. Bago magtapos ang pagtitipon, nagkaroon ng malayang talakayan at pagpapaliwanagan.

Dumaan sa iba't ibang proseso ang paggawa ng Ortograpiyang Boînën, tulad ng masusing pag-aaral ng sistema ng tunog ng wika, konsultasyon sa komunidad, pagbabalida, at pagrebalida sa mga seryeng pagwawasto para makuha at maisama ang lahat ng makabuluhang katangian ng wikang Boînën.

Isang napakalaking hakbang ang pagbuo ng *Ortograpiyang Boînën* para mapayaman at mapangalagaan ang wikang Boînën hindi lamang para sa bagong henerasyon kundi para din sa lahat ng nais matuto nitong wika. Gabay itong magsisilbi para sa lahat, lalong-lalo na para sa mga guro, akademiko, propesyonal, manunulat, at tagasalin habang pinapalawak at pinapaunlad nila ang panulat at panitikang Boînën. Dahil ang wikang Boînën ay hindi na lamang isang daluyan sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan. Maaari na rin itong gamitin bilang isang bukas at mapagpalayang midyum sa pagtataguyod ng edukasyon, sining, kultura, at kamalayan sa wikang Boînën.

Sanggunian:

Eberhard, David M., Gary F. Simons, and Charles D. Fennig, eds. Ethnologue : Languages of the World. 25th ed. Dallas, Texas: SIL International, 2022.

Lobel, Jason William, Wilmer Joseph Tria. An Satuyang Tataramon: A Study of the Bikol Language. Naga City: Lobel and Tria Partnership Co., Holy Rosary Minor Seminary.

McFardland, Curtis Daniel. “The dialects of the Bikol Area.” Unpublished PhD Dissertation, Yale University. 1974.

Portugal, Dominga J., Buhi Dialect (Boînən): Linguistic Analysis and Semantics. San Francisco, California: D.J. Portugal Publications. 1990.

Yamada, Tukihiro. “A Buhi Bicol Vocabulary.” Bulletin of the Faculty of Education, Kochi University Series I, no. No. 24 (1972).

Sinorat nira:

Gng. Mabel Z. Camasis
G. Ronnie L. Lacoste

McFardland, Curtis Daniel. “The dialects of the Bikol Area.” Unpublished PhD Dissertation, Yale University. 1974.

Portugal, Dominga J., Buhi Dialect (Boînən): Linguistic Analysis and Semantics. San Francisco, California: D.J. Portugal Publications. 1990.

Yamada, Tukihiro. “A Buhi Bicol Vocabulary.” Bulletin of the Faculty of Education, Kochi University Series I, no. No. 24 (1972).

Sinulat nila:

Gng. Mabel Z. Camasis
G. Ronnie L. Lacoste

SARIGAN NIN SASABIYËNG PANG-AGIN

Boînën	**Filipino**
Lunes	Lunes
Martes	Martes
Miyerkoles	Miyerkoles
Huwebes	Huwebes
Biyernes	Biyernes
Sabado	Sabado
Dominggo	Linggo
ama, inay, amay, mama	nanay
apa, apay, itay, papa	tatay
manay	Ate
manoy	kuya
pawri	bunso
lolo	lolo
lola	lola
itay, tay, pay, papay, uncle, tito	tiyo
nay, inay, may, mamay, antie, tita	tiya
puti	puti
itëm	itim
anyil, asul	asul
amarilyo, yellow	dilaw
pula	pula
berde	luntian
lila/obi	lila/ube
kâîl/orange	kahel
ësad	isa
dowa	dalawa
tolo	tatlo

MGA BATAYANG SALITA PARA SA BATA

Boînën	**Filipino**
ëpat	apat
lima	lima
ënëm	anim
pito	pito
walo	walo
siyam	siyam
sampolo	sampu
onsi	labing-isa
dosi	labindalawa
trisi	labingtatlo
katorsi	labing-apat
kinsi	labinlima
disisâîs	labing-anim
disisyiti	labimpito
disiotso	labingwalo
disinwibi	labingsiyam
baynti	dalawampu
bistida	bestida
sapatos	sapatos
kamisita	kamiseta
t-shirt	t-shirt
palda	palda
sarowal na maabâ, pantalon, sarwal	pantalon
sarowal na alîpot, sarwal	shorts
lapis	lapis
lamisa	mesa
bag	bag
baso	baso

Boînën	**Filipino**
papil	papel
bolpin	bolpen
notbok	notbuk
gonting	gunting
blakbord	pisara/blakbord
tisa/chalk	tisa/chalk
ruler	ruler
libro	aklat
mapa	mapa
kalindaryo, kalinda	kalendaryo
papil	papel
computer	computer
awto	dyip
birlina, kotsi	kotse
traysikël	traysikel
bus	bus
padyak, sikad-sikad	pedikab
ospital	ospital
iskwilá̂an	paaralan
barangay hall	barangay hall
piyamënan	palaruan/playground
tindá̂an	groseri
sâran	palengke
simbá̂an	sambahan
laybrari, library	aklatan
paratorô, maistra, maistro	guro
polis	pulis
parabolong , doktor	doktor
ininyiro	inhenyero
paragibo, paramoknâ, paratëgdas	manlilikha

Boînën	**Filipino**
sayantist	siyentista
padî, madri, imam	pari, madre, imam
Maray na aldaw	Magandang umaga
Maray na odto.	Magandang tanghali
Maray na apon.	Magandang hapon
Maray na gâbi.	Magandang gabi
Tara?	Kumusta?
Mabalos!!, Salamat!	Salamat!
Namëmëyan tayka!, Namëmëyan ko ika!, Payaba ko ika!, Payaba tayka!	Mahal kita!
Pasinsya o Patawad	Paumanhin
Amo, Ompô, Ëg̈ë	Oo
Indî, Bëkë, 'dî	Hindi
Ono ana pagngaran mo?, Ono ana ngaran mo? Ako si....	Ano ang pangalan mo? Ako si...
Patëëd, Paisi, Paadto na ako	Paalam
Salamat nin kadorodakëg̈ë, Mabalos nin kadorodakëg̈ë	Maraming salamat
poon ka͡oy	puno
tinanëm , tanëm	halaman
borak	bulaklak
bonga	bunga
bolan	buwan
aldaw	araw
bitoon	bituin
langit	langit
kalangitan	kalawakan
parës	hangin
dagat, kadagatan	dagat, karagatan
lawëd	lawa
sapâ	batis

Boînën	**Filipino**
borabod	bukal
sowong	ilog
ragâ	lupa
bokid, kabokidan	bundok, bulubundukin
oma	bukid
parëy	palay
pangpang	pampang
bôngaw	lambak
kwiba	yungib
kinâban	daigdig
maogma, masanggaya	masaya
mamëndë	malungkot
takot	takot
nasindakan, nasostowan	gulat
makisil	matigas
marogî	malambot
dakëǧë	malaki
saday	maliit
agin	bata
gorang, sëbang	matanda
dakël	marami
agbay	kaunti
masiram	masarap
ëmëy	kanin
isësëra	ulam
bonga	prutas
golay	gulay
tinapay	tinapay
tobig	tubig
ayam	aso

Boînën	**Filipino**
ongaw	pusa
kabalang, îmoy	unggoy
manok	manok
damolag	kalabaw
bayong	ibon
isrâ	isda
baynti	dalawampu
traynta	tatlumpu
kwarinta	apatnapu
singkwinta	limampu
saysinta	animnapu
sitinta	pitumpu
otsinta	walumpu
nobinta	siyamnapu
sanggatos	isang daan/sandaan
maray, maraây	mabuti
maraët, dâdata,	masama
bâgo	bago
môna, ôna	una
mawri	huli
sëmëg	basa
mara	tuyo
ëǵëy	matagal
makaskas, madalî,	mabilis
maabâ	mahaba
alîpot	maikli
tamâ, osto	tama
salâ	mali
ataas, alangkaw	mataas
ababâ	mababa

Boînën	**Filipino**
bëkë pariyo	magkaiba
magkapariyo	magkatulad
maamay, masaki	maaga
malinig	malinis
maatî, mabagsâ	marumi
madali, pasil	madali
dipisil, mâawët	mahirap
maiwas	malawak
ayakpit	makipot
maisëg, maposô	matapang
matatakoton	matatakutin
mamëmëyën, mapinayaba	mapagmahal
marinëmrëm	maalalahanin
maribok, mangosô	maingay
toninëng	tahimik
masakrët	mapakla
matâmis	matamis
maaǵsëm	maasim
mapaît	mapait
kanding	kambing
aǵas	ahas
agila	banoy
bôaya	buwaya
baoo, pawikan	pagong,pawikan
butanding	butanding
abë	daga
ëpës-ëpës	ipis
sirëm	langgam
tyâgaw	butiki
palëkâ	palaka

Boînën	**Filipino**
payo	úlo
bëwëk, bowëk	buhók
tingron	bátok
lalawgën	mukhá
angëg	noó
mata	matá
kiray	kílay
orong	ilóng
ngosô	bibíg
ngipën	ngípin
dilâ	dilà
talinga	taínga
pingig	pisngí
këkë	babà
liëg	leég
baġangbang	balíkat
kamët	kamáy
takyag	bísig
siko	síko
goramëy	dalirì
rëgan	dibdíb
ta͡ò̆dtod, tawtod	likód
tëyan	tiyán
îksan	baywáng
piad	balakáng
îtâ	hità
to͡ò̆d	túhod
piga-piga	bintî
pâa	paá

APENDIKS

PAGISORAT NIN TULDIK

1. Ana lingowáı̂ niyana computer dapat naka-set sa: **English (United States) United States-International Keyboard.**

2. Century Gothic o Alfabeto ana angay na font para sa mga agin na nagiadal sa Kinder sagkëd sa Ikatolong grado.

3. Sonodon ana mga instroksiyon, tanganing makasorat niyana mga katonog ag patonog na agko tuldik sa itaas:

Mëyang maipakita	Ônang Rënan	Sonod na Rënan	Kinalowasan
3.a. Arin na silaba ana agko rëën	‘ (apostrophe key)	Titik ng diniinang patinig	á, é, í, ó, ú
3.b. Tërëng sa poro niyana silaba o sasabiyën	` (grave accent)	Titik ng diniinang patinig	à, è, ì, ò, ù
3.c. Silaba na nagitapos sa tërëng na agko rëën	^ (SHIFT+6; circumflex key)	Titik ng diniinang patinig	à, è, ì, ò, ù
3.d. Schwa /ə/	" (quotation marks)	Titik e	ë
3.e. Voice velar approximant /ɰ/	Litrang G o g[1]	**Character code 0313** (matotorakan sa **Combining Diacritical Marks Subset** makikita sa lëëg niyana **Ω symbol option** nin **insert tab).**	Ġ, ġ
3.f. Hiatus o dowang patonog na pinagisâwëd nin ëdâ tërëng sa bitngâ	kambal-patonog na **aa, ëë, ii, oo, aë, ai,** at **ao**[2]	**Character code 0361** (matotorakan sa **Combining Diacritical Marks Subset** makikita sa lëëg niyana **Ω symbol option** nin **insert tab)** Sigorowën nakatorô ana cursor sa bitngâ niyana dowang patonog.	a͡a, ë͡ë, i͡i, o͡o, a͡ë, a͡i, a͡o

1 Sigorowëng pariyo ana font niyana litra ag tuldik para maibëtang nin matanos ana tuldik korit-taas. Sowistiyong gamitën ana font type na Arial ag/o Tahoma.

2 Sa mga libro o matirayalis para sa mga agin, pisowistiyon gamitën ana font na Century Gothic para sa litra, ag Calibri naman para arko. A2na kombinasyon niyana mga font na adi ana pinakaangay na gamitën sa pagitorô nin pagibasa sa mga agin.

APENDIKS

PAGSUSULAT NG TULDIK

1. Ang lengguwahe ng computer ay dapat naka-set sa: **English (United States) United States-International Keyboard.**

2. Century Gothic o Alfabeto ang angkop na font para sa mga mag-aaral sa Kinder hanggang sa Ikatlong antas.

3. Sundin ang sumusunod na panuto upang makasulat ng tuldik sa itaas ng katinig at patinig na may tuldik:

Nais maipakita	Unang Pindutin	Sunod na Pindutin	Kinalabasan
3.a. Aling pantig ang may diin	' (apostrophe key)	Titik ng diniinang patinig	á, é, í, ó, ú
3.b. Impit sa dulo ng pantig o salita	` (grave accent)	Titik ng diniinang patinig	à, è, ì, ò, ù
3.c. Pantig na nagtatapos sa impit ay may diin	^ (SHIFT+6; circumflex key)	Titik ng diniinang patinig	à, è, ì, ò, ù
3.d Schwa /ə/	" (quotation marks)	Titik e	ë
3.e Voice velar approximant /ɰ/	Titik G o g[1]	**character code 0313** (mahahanap sa **Combining Diacritical Marks Subset** na makikita sa loob ng **Ω symbol option** ng **Insert tab**)	ǵ, ǧ
3.f Hiatus o Dalawang patinig na binibigkas nang walang impit sa pagitan	kambal-patinig na **aa, ëë, ii, oo, aë, ai,** at **ao**[2]	**character code 0361** (mahahanap sa **Combining Diacritical Marks Subset** na makikita sa loob ng **Ω symbol option** ng **Insert tab**) Tiyaking nakatutok ang cursor sa pagitan ng dalawang patinig.	a͡a, ë͡ë, i͡i, o͡o, a͡ë, a͡i, a͡o

1 Tiyaking parehas ang font ng titik at tuldik para mailagay nang maayos ang tuldik kuwit-taas. Mungkahing gamitin ang font type na Arial at/o Tahoma.

2 Sa mga libro o materyales para sa mga batà, mungkahing gamitin ang font na Century Gothic para sa titik, at Calibri naman para sa arko. Ang kombinasyon ng mga font na ito ang pinakamainam na gamitin sa pagtuturo ng pagbása sa mga batà.

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
Gusaling Watson, 1610 Kalye J. P. Laurel
San Miguel, 1005 Maynila
Tel. (02) 899-606-70
www.facebook.com/komfilgov
komfil@kwf.gov.ph
www.kwf.gov.ph